

Gabay sa Pananalangin at Pag-aayuno 2017

ENERO 9-13

KNOWING GOD

FILIPINO



EVERY NATION

KNOWING GOD

ni **JIM LAFFOON**

FILIPINO



EVERY NATION

© 2017 ng Every Nation. Lahat ng karapatang pang-ari.

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng Every Nation.

Ang sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit,
ay hango sa Ang Salita ng Dios® Copyright © 2010, 2014 ng Biblica, Inc.

Lahat ng karapatang pang-ari sa buong mundo.

everynation.org/fasting #ENfast2017

MGA NILALAMAN

Panimula	1
Praktikal na Gabay sa Panalangin at Pag-aayuno.....	2
Mga Nasagot na Panalangin Mula 2016.....	4
Nais Makamtan sa Pananampalataya para sa taong 2017	5
Day 0: Ang Kasulatan at ang Kapangyarihan ng Diyos	6
Day 1: Ang Balon ng Kaligtasan.....	8
Day 2: Ang Talim ng Espiritu	12
Day 3: Panalangin sa Tulong ng Espiritu	16
Day 4: Ang Espada ng Espiritu	20
Day 5: Pakikinig sa Tinig ng Diyos	23
Ipanalangin para sa mga Bansa (Mapa at Mga Dapat Ipanalangin)	28

TUNGKOL SA SUMULAT



Si **Jim Laffoon** ay ang internasyonal na direktor ng Every Nation School of Empowerment at nagsisilbi sa ilalim ng International Apostolic Team ng Every Nation pati narin sa North America Leadership Team. Madalas siyang magpunta sa iba't-ibang lugar upang magturo. Naninilbihan din siya sa ibat-ibang bahagi ng katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagpapahayag ng propesiya. Isinulat din niya ang mga librong *Our Daily Blog*, *Divine Alliance*, at *Building Authentic Community*. Siya at ang kanyang asawa na si Cathy ay tatlumpu't anim na taon nang nagsasama, at sila ay may pitong anak.

Ayaw Kong Mag-ayuno, pero Ginagawa Ko pa rin Ito

Hindi ko na maalala kung anung taon tayo nagsimula o kung sino ang nakaisip na gawin ito (malamang na si Pastor Manny Carlos sa Manila, siguradong hindi ako), pero sa naaalala ko, sinisimulan ng Every Nation ang bawat taon sa isang linggo ng pananalangin, pag-aayuno, at paglalaan ng ating sarili para sa Diyos.

Ang mga panahon na ito ng taon na sa totoo lang ay pareho kong paborito at hindi paborito dahil hindi ko gustong mag-ayuno pero gusto ko ang bunga ng pag-aayuno.

Sa loob ng mahabang panahon na marami na akong narinig na mga patotoo ng kaligtasan, paggaling ng karamdaman, paglalaang pananalapi, kalayaan mula sa pagkakalulong sa mga bagay, pagbangon ng mga negosyo, pag-angat ng posisyon sa trabaho, malinaw na direksyon, at pagsasaayos ng mga nasirang relasyon. Ang mga ito ay bunga ng mga sinasagot na mga panalangin tuwing tayo ay mag-aayuno.

Alam ko na ang taong 2017 ay hindi naiiba dahil pinapakinggan at sinasagot pa rin ng Diyos ang ating mga panalangin.

Kaya ngayong darating na Enero 9-13, isasagawa natin ang sinasabi sa Joel 1:14, "Sabihin ninyo sa mga tagapamahala ng Juda at sa lahat ng kanyang mamamayan na pumunta silang lahat sa templo ng Panginoon na inyong Diyos at mag-ayuno. Humingi sila ng tulong sa Panginoon."

Ikaw ay inaanyayahang manalangin araw-araw kasama ng libo-libong kabahagi ng Every Nation sa buong mundo. Salamat sa pakikiisa sa pagtitiwala sa Diyos upang magbago ang ating mga tahanan, ating mga bayan, at ang ating mundo.



Steve Murrell

Presidente, Every Nation Churches & Ministries

Isang Praktikal na Gabay sa Panalangin at Pag-aayuno

PAGHAHANDA PARA SA PAG-AAYUNO

Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, “Linisin ninyo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng Panginoon ang mga kamangha-manghang bagay.”

JOSUE 3:5

Manalangin—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Sa pahina 4 at 5, isulat ang mga nais mong matupad at ang mga nasagot mong panalangin noong 2016.

Magpasya—Ipanalangin kung ano ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gagawin ito bago pa man ang takdang araw. Huwag gawin ang desisyon sa bawat araw ng nakatakdang pag-aayuno. Hingin sa Diyos ang kakayahan na gawin ito.

Magsagawa—Simulang bawasan ang pagkain ng dahan-dahan ilang araw bago ang unang araw ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matatamis at mamantika. Sa linggo ng pag-aayuno, iwasan hangga’t maaari ang mga sobrang nakakapagod na gawain pati na rin ang pakikisalamuha sa mga tao. Humanap ng makakasama sa panalangin na susuporta sa iyo hanggang sa matapos ang pag-aayuno.

PAALALA: Kumunsulta sa doktor, lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom sa mga panahon na ito. Kung hindi ka maaring mag-ayuno, pagplanuhan kung ano ang pinakamainam para sa iyo.

HABANG NAG-AAYUNO

Pero sumagot si Jesus, “Sinasabi sa Kasulatan, ‘Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.’”

MATEO 4:4

Magtuon ng pansin—Maglaan ng panahon upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa Salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

Manalangin—Sumali sa isang sama-samang panalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, mga paaralan, at misyon sa buong linggo.

Magpalakas—Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa pasumpung-sumpung na panghihina, kawalan ng pasensya, at pagiging mainisin.

PAGHINTO SA PAG-AAYUNO

“At kung dumulog kayo sa akin para humingi ng tulong, kayo’y aking sasagutin.”

ISAIAH 58:9

Kumain—Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon upang muling matanggap ang dating dami at uri ng iyong pagkain. Simulan sa prutas, mga inumin, at *salad*, at saka kumain ng gulay. Kumain ng maliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

Manalangin—Huwag bibitiw! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na inilaan ng Diyos. Isapamuhay sa buong taon ang bago mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang iyong mga panalangin.

DAY 1

MGA PAGPIPILIAN

- Tubig lamang
 - Sabaw o inumin lamang
 - Almusal, tanghalian, o hapunan lamang
 - Iba pa
-

DAY 2

MGA PAGPIPILIAN

- Tubig lamang
 - Sabaw o inumin lamang
 - Almusal, tanghalian, o hapunan lamang
 - Iba pa
-

DAY 3

MGA PAGPIPILIAN

- Tubig lamang
 - Sabaw o inumin lamang
 - Almusal, tanghalian, o hapunan lamang
 - Iba pa
-

DAY 4

MGA PAGPIPILIAN

- Tubig lamang
 - Sabaw o inumin lamang
 - Almusal, tanghalian, o hapunan lamang
 - Iba pa
-

DAY 5

MGA PAGPIPILIAN

- Tubig lamang
 - Sabaw o inumin lamang
 - Almusal, tanghalian, o hapunan lamang
 - Iba pa
-

ORAS NG PANANALAGIN

Isulat kung anong oras at gaano katagal mo planong manalangin.

Nagpapasalamat ako sa Diyos para sa . . .

MGA NASAGOT NA PANALANGIN NOONG 2016

Ilista ang mga magagandang nangyari, mga panalangin, at mga aral na natutunan mo noong 2016. Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang katapatan, paglalaan, at biyaya sa taong ito!

Naniniwala ako sa Diyos para sa ngayong 2017 ...

AKING NAIS NA MAKAMTAN SA PANANAMPALATAYA

Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay

AKING PAMILYA

Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan

AKING PAARALAN / TRABAHO

Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon

AKING PAGLILINGKOD

Paglago ng Victory Group • Kaligtasan ng mga Kaibigan, Kamag-aral, Namumuno sa Trabaho, at Kasama sa Trabaho

AKING KASAMA SA PANANALANGIN

Ang Kasulatan at ang Kapangyarihan ng Diyos

DAY
0

BASAHIN ANG MATEO 22:23-33

Sumagot si Jesus, “Maling-mali kayo, dahil hindi ninyo nauunawaan ang Kasulatan at ang kapangyarihan ng Diyos.”

MATEO 22:29

Sinubukan ng ilan sa mga Saduceo (ang mga pari ng Judaismo) na mabitag si Jesus sa pamamagitan ng tanong tungkol sa muling pagkabuhay ng mga patay, na maging sila ay hindi naniniwala. Inilarawan nila kay Jesus ang sitwasyon na batay sa isang batas ng mga Judio, na nagsasabing dapat pakasalan ng isang lalaki ang asawa ng namatay niyang kapatid na lalaki kung hindi ito nag-iwan ng anak. Ang anak ng pagsasamang ito ay ituturing na anak ng namatay na kapatid na lalaki, para matiyak na hindi mawawala ang kanyang angkan.

Ito ang itinanong ng Saduceo kay Jesus: kung ang biyuda ay ikinasal ng pitong beses sa isang hanay ng mga magkakapatid, sino ang magiging asawa niya sa langit? Ang isinagot ni Jesus ay mahalaga pa rin para sa atin sa kasalukuyan: “*Maling-mali kayo, dahil hindi ninyo nauunawaan ang Kasulatan at ang kapangyarihan ng Diyos*” (Mateo 22:29). Sa madaling salita, ang inilarawan nilang sitwasyon ay nagpapakita ng katotohanan na sila ay natangay ng maling paniniwala at nalinlang dahil hindi nila naintindihan ang Kasulatan at ang kapangyarihan ng Diyos.

Ang salitang “maling-mali” sa Mateo 22:29 ay may matinding kahulugan sa orihinal nitong wika. Ang ibig sabihin nito ay “malinlang, mapamunuan ng may kamalian, o kaya ay maligaw ng landas.” Sa kasawiang palad, nakikita ko pa rin ang hindi mabilang na mga Kristiyanong may mabubuting hangarin, pero naliligaw ng landas dahil hindi nila naintindihan ang Salita ng Diyos o kaya ay naranasan ang Kanyang kapangyarihan.

Kahit na ang panlilinlang na ito ay bihirang sumasang-ayon sa turo ng Salita (na tulad ng mga Saduceo), ang tanging pakay nito ay mapanira. Maaaring masira dahil sa samaan ng loob ang ibang Kristiyano dahil hindi nila lubusang naintindihan ang implikasyon ng pagpapatawad na sinasabi sa Kasulatan. Marahil hindi nila nauunawaan ng lubos ang kapangyarihan ng muling pagkabuhay ng Diyos kaya’t patuloy silang namumuhay sa kadiliman ng kawalan ng pag-asa.

Nasaan ka man sa iyong pamumuhay ngayon, gusto kong magsimulang maglakbay kasama mo, isang anim na araw na paglalakbay tungo sa malalim na pang-unawa sa Kasulatan at sa kapangyarihan ng Diyos. Sa ating paglalakbay na magkasama, ipakikilala ko ang ilang pagsasanay na ginawa upang mabigyan ka ng mga kasanayan na kailangan mo para magkaroon ng malalim na pang-unawa sa Salita ng Diyos at sa bagong pagdaloy ng Kanyang dakilang kapangyarihan. Hinihiling ko din sa

Banal na Espiritu na tulongan kang isapamuhay ang mga bago mong matututunang kakayahan sa bahagi ng iyong buhay na hindi mo nakikitaan ng pagbabago. Sa huli, magsama-sama tayo sa pananalangin kasama ang libu-libo nating mga kapatid sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa mga partikular na mga kahilingan para sa panalangin mula sa iba't-ibang bahagi ng mundo.

ISAPAMUHAY

- Anong bahagi o paulit-ulit na nangyayari sa buhay mo ang hindi nagbabago? Isulat ito. Hayaan ang Kasulatan at kapangyarihan ng Diyos na baguhin ang bahaging ito sa susunod na limang araw.
-
-

- Gaano man kaganda ang pag-aayuno, nawawala ang pagiging epektibo nito kung hindi tayo magdarasal. At kahit na malinaw sa Kasulatan na nais ng Diyos na simulan natin ang bawat araw sa piling Niya, ang anumang oras ay mas mabuti kaysa sa wala. Anong oras sa bawat araw mo nais magdasal? Gaano katagal mo nais magdasal sa mga oras na ito?
-
-

Tandaan: Hindi mo kailangang magbigay ng napakataas na layunin. Maging praktikal at makatotohanan. Tingnan ang talaan sa pahina 3 upang makapagplano.

- Ano ang pangalan ng iyong pastor? Siya ba ay may asawa o walang asawa? Kung siya ay may asawa, siya ba ay may anak? Isulat ang kanilang mga pangalan. Maglaan ng oras upang ipanalangin ang pastor mo at ang kanyang pamilya.
-
-

- Ano ang espesyal na mga kahilingang ibinigay sa iyo mula sa iyong kongregasyon o lokal na iglesia? Isulat ang mga kahilingang ito pagkabigay nila sa iyo.
-
-

- Magbibigay tayo ng oras para ipanalangin ang anim na rehiyon ng Every Nation sa buong mundo. Sa bawat araw, pumili ng isang rehiyon at hayaan ang Banal na Espiritu na gabayan ka habang nananalangin.

Bukas, sama-sama tayong maglakbay tungo sa ilang nakalilitong bagay sa ating bagong pagkatao. Titingnan natin ang ilan sa mga gawain na nakapaloob sa paggamit ng bagong mga antas ng banal na buhay at kapangyarihan.

Ang Balon ng Kaligtasan

DAY
1

Bago mo basahin ang sumusunod na Kasulatan, hingin sa Banal na Espiritu na tulungan kang mapanghawakan kung ano ang sinasabi Niya sa iyo upang maisapamuhay mo ito. Iminumungkahi ko rin na basahin mo nang dahan-dahan at malakas ang mga sumusunod na pahayag. Buksan ang iyong *journal* at maghandang isulat ang mga naiisip mo.

BASAHIN ANG ISAIAS 12:3-4 • JUAN 4:1-42

¹³Sumagot si Jesus. “Ang lahat ng umiinom ng tubig na ito’y muling mauuhaw, ¹⁴pero ang sinumang iinom ng tubig na ibibigay ko ay magiging tulad ng isang bukal sa loob niya at magbibigay ng buhay na walang hanggan.”

JUAN 4:13,14

Si Jesus ay nasa isang makasaysayang lugar; ito ang balon kung saan pinainom ni Jacob ang mga alagang hayop ng kanyang pamilya. Ito rin ay isang lupain na puno ng kontrobersiya. Mayroong galit at hindi pagkakaunawaan na tumagal na ng maraming siglo sa pagitan ng mga Samaritano at Judio. Alam ni Jesus na handang tumanggap ang mga natatanging taong ito, di tulad ng Kanyang mga disipulo, na dahil sa kanilang makitid na pag-iisip at galit ay walang kamalay-malay sa pag-ibig ng Kanyang Ama sa mga Samaritano.

Bagama’t Siya ay pagod, pinili Niyang hindi na lamang kumain ng tanghalian kasama ng Kanyang mga disipulo. Ang mahinahong gabay ng Kanyang Ama ang nagdulot ng matinding kamalayang espirituwal upang magtungo si Jesus sa Samaria. Nandoon Siya upang buksan ang balon sa isang lupain na tuyong-tuyo sa pang espirituwal, isang lupain na nakalimutan na ng lahat maliban kay Jesus at ng Kanyang Ama. Ang balong ito ay hindi ang sikat na balon ni Jacob; ang balong ito ay natabunan na ng malalim na mga nadurog na bato ng isang nasirang buhay.

Ang pinili ni Jesus ay hindi inaasahang magiging bahagi ng balon ng kaligtasan para sa isang bayan. Siya ay namumuhay kasama ang lalaking hindi niya asawa, matapos niyang ikasal ng limang beses. Sa kanyang matinding kahihiyan kailangan niyang pumunta sa balon sa kainitan ng araw upang hindi maitakwil ng ibang mga babae sa bayan. Subalit, sila ay tila pinagtagpo ng pagkakataon, ang babae sa balon ay naging babae na may balon.

Ang mga unang salita ni Jesus sa kanya ay tila hindi angkop para sa kanya: “*Pwede bang makiinom?*” (Juan 4:7). Paano nagawang tanungin ni Jesus ang kawawa at may magulong buhay na babae upang pagsilbihan Siya? Siguradong alam Niya ang pang-aabuso na dinanas ng babae sa kamay ng mga tao at maging ang galit

na naramdaman nito sa Kanya dahil sa Siya ay isang lalaki at Judio. Subalit sa katotohanan, ang kahilingan ni Jesus ay isang pangako, na bago matapos ang araw na iyon, hindi lamang mapapawi ang uhaw ng babae, kundi siya mismo ay makapagbibigay ng inumin sa iba.

Habang dahan-dahang inalis ng mga kataga ni Jesus ang depensa ng babae sa kanyang sarili, pinangakuan siya ni Jesus ng tubig na nagbibigay buhay na papawi ng pagkauhaw niya habang-buhay. Ang tugon ng babae sa berso 11 ay nagpapakita ng labis niyang pagkauhaw, "*Saan po kayo kukuha ng tubig na nagbibigay buhay?*" Ipinakita ng tugon ni Jesus ang isa sa mga mahahalagang aspeto ng pagtanggap ng kapangyarihan at buhay mula sa Diyos: "*Dahil ang tubig na ibibigay ko ay magiging tulad ng isang bukal sa loob niya na magbibigay ng buhay na walang hanggan*" (Juan 4:14). Ang habang-buhay na bukal o balon na sinasabi rito ay isang talinghaga para sa bagong pagkatao na natatanggap ng lahat ng mananampalataya kapag sila ay nagtiwala kay Cristo. Sa oras ng iyong muling kapanganakan, ang iyong espiritu ay muling nagiging isa kasama ang Espiritu ng Diyos. Sa pag-iisang ito, ang buo mong pagkatao ay napasakop sa makapangyarihang pamumuno ng Banal na Espiritu. Ang konsepto ng pagkakaroon ng bagong pagkatao ay makikita sa buong Kasulatan:

Ang sinumang na kay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao; binago na siya.

2 CORINTO 5:17

Hindi na mahalaga kung tuli tayo o hindi. Ang tanging mahalaga ay kung binago na tayo ng Diyos.

MGA TAGA-GALACIA 6:15

Itong bagong katauhan ang daan upang ang tubig na nagbibigay-buhay ng Diyos ay dumaloy sa iyong buhay. Para maintindihan kung paano dumadaloy sa atin ang tubig na nagbibigay-buhay, tingnan mo ang tubig na galing sa inyong gripo. Kung walang tubig na galing sa gripo sa iyong tahanan (gaya ng babae sa kwento), ang timba o anumang lalagyan na gagamitin mo sa pagkuha ng tubig ang sumisimbolo sa tubig na nagbibigay buhay ng Diyos. Bagama't maaari kang makakuha ng tubig anumang oras, kailangan mong buksan ang gripo (o gumamit ng balde) upang magamit ito.

Hindi naiiba dito ang ating espirituwal na buhay; wala tayong problema sa pinagmumulan ng tubig. Ang problema natin ay ang paggamit dito. Hindi natin binubuksan ang ating mga espirituwal na gripo. Sa konteksto ng Juan 4, ang tubig na nagbibigay-buhay na sinasabi ni Jesus ay matatanggap sa pamamagitan ng pag-inom. Ang pag-inom dito ay kasing kahulugan ng konsepto ng pagsamba sa Diyos sa pamamagitan ng mga espirituwal na disiplina:

¹⁹Sumagot ang babae, "Sa tingin ko po, isa po kayong propeta. ²⁰Ang aming mga ninuno ay sumamba sa Diyos sa bundok na ito, pero kayong mga Judio ay nagsasabi na sa Jerusalem lang dapat sumamba ang mga tao." ²¹Sinabi ni Jesus sa kanya,

"Maniwala ka sa akin; darating ang panahon na hindi na kayo sasamba sa Ama sa bundok na ito o sa Jerusalem. ²²Kayo na mga Samaritano ay hindi nakakakilala sa sinasamba ninyo. Ngunit kilala naming mga Judio ang aming sinasamba, dahil sa pamamagitan namin ay ililigtas ng Diyos ang mga tao. ²³Tandaan mo, darating ang panahon, at narito na nga, na ang mga tunay na sumasamba ay sasamba sa Ama sa espiritu at katotohanan. Ganito ang uri ng mga sumasamba na hinahanap ng Ama. ²⁴Ang Diyos ay espiritu, kaya ang sumasamba sa kanya ay dapat sumamba sa pamamagitan ng espiritu at katotohanan."

JUAN 4:19-24

Anumang espirituwal na disiplina ang gamitin natin upang sambahin ang Diyos (pagbabasa ng Salita, pag-awit, o paghihintay sa sasabihin o presensya ng Diyos, at iba pa), ang ating espirituwal na gripo ay bumubukas at tayo ay nakakainom ng tubig na nagbibigay buhay mula sa Diyos. Habang tumatagal ang pananatili natin sa presensya ng Diyos, mas lalo tayong nabababad sa Kanyang buhay, kapangyarihan, presensya, at ligaya. Pero ang espirituwal na tubig ay hindi dapat manatili sa atin. Gaya ng babae sa balon, kung iinom tayo, ang daloy ng buhay ng Diyos ay maaaring magbunga ng pag-apaw ng kapangyarihan ng Diyos tungo sa mundo sa ating paligid. Sa katunayan, ang dahilan ng pag-inom mula sa balon ng kaligtasan (gaya ng nabasa natin sa Isaias 112:3-4) ay ang pagbabago ng mga bayan sa pamamagitan ng paghahayag ng Kanyang pangalan.

³⁹Maraming Samaritano sa bayang iyon ang sumampalataya kay Jesus dahil sa sinabi ng babae na alam ni Jesus ang lahat ng ginawa niya. ⁴⁰Kaya pagdating ng mga Samaritano kay Jesus, hiniling nila na manatili muna siya roon sa kanila. At nanatili nga siya sa kanila ng dalawang araw. ⁴¹Dahil sa pangangaral niya, marami pa sa kanila ang sumampalataya. ⁴²Sinabi ng mga tao sa babae, "Sumampalataya kami ngayon hindi lang dahil sa sinabi mo sa amin ang tungkol sa kanya, kundi dahil sa narinig namin mismo sa kanya. At alam naming siya nga ang Tagapagligtas ng mundo."

JUAN 4:39-42

ISAPAMUHAY

Oras na upang uminom mula sa balon ng kaligtasan. Tandaan, nang ikaw ay maging isang mananampalataya, ang iyong makamundong espiritu ay naging isa kasama ng Banal na Espiritu, na nagdulot ng bago mong pagkatao. Ngayon, sa tuwing gagawin mo ang isa sa mga espirituwal na disiplina, ang tubig ng buhay na sinasabi sa Pahayag 22:1-2 ay natural na dadaloy sa iyo.

¹Ipinakita rin sa akin ng anghel ang ilog na nagbibigay-buhay. Ang tubig nito ay kasing linaw ng kristal at dumadaloy mula sa trono ng Diyos at ng Tupa, ²at umaagos sa gitna ng pangunahing lansangan ng bayan. Sa magkabilang tabi ng ilog ay may punong-kahoy na nagbibigay-buhay. Namumunga ito ng 12 beses sa

isang taon, isang beses sa bawat buwan. At ang mga dahon nito ay ginagamit sa pagpapagaling ng mga bansa.

PAHAYAG 22:1-2

Pumili ng kahit ano sa Kasulatan. Maaari kang pumili tungkol sa kasalukuyan mong pangangailangan, isang bagay na ipinahiwatig ng Banal na Espiritu, mga mensahe na narinig mo kamakailan lamang, o kahit anong nabasa mo sa Bibliya. Para sa ating layunin ngayon, gamitin natin ang Juan 4:23-24:

23"Tandaan mo, darating ang panahon, at narito na nga, na ang mga tunay na sumasamba ay sasamba sa Ama sa espiritu at katotohanan. Ganito ang uri ng mga sumasamba na hinahanap ng Ama. 24"Ang Diyos ay espiritu, kaya ang sumasamba sa kanya ay dapat sumamba sa pamamagitan ng espiritu at katotohanan."

JUAN 4:23-24

Basahin nang malakas at ilang beses ang mga bersong ito mula sa Kasulatan. Kung ikaw ay nasa pambublikong lugar, maaari kang bumulong. Hayaan na ang pagsasalita mo ay maging isang panalangin. Ipanalangin ang mga bersong ito. Habang ikaw ay nagdarasal, itaas ang iyong mga kamay. Simulang sambahin at pasalamatang Diyos sa iyong sariling wika at maging sa kaloob na ibang wika (kung natanggap mo na ang kaloob na ito). Habang ikaw ay tahimik na naghihintay, hayaang dumaloy ang tubig na nagbibigay buhay patungo sa iyong kaluluwa. Pagkatapos ay banggitin ang mga kabigatan na kasalukuyan mong dinadala.

MANALANGIN

- Ipanalangin ang iyong pastor at ang kanyang pamilya.
- Ipanalangin ang iyong iglesya.
- Ipanalangin ang isa sa anim na rehiyon ng Every Nation na nakasulat sa pahina 28.
- Hingin sa Banal na Espiritu ang pagbabago, sa tinukoy mo kahapon na bahagi ng iyong buhay, kung saan nahihirapan kang magbago.
- Itala ang mga mahahalagang kaisipan, bahagi ng Kasulatan, o pagpapahayag mula sa Banal na Espiritu.

Bukas, sasaliksikin natin ang kapangyarihan ng Kasulatan na baguhin ang iyong buhay.

Ang Talim ng Espiritu

DAY
2

BASAHIN ANG PAHAYAG 1:16 • MGA HEBREO 4:12-13

May hawak siyang pitong bituin sa kanang kamay niya, at lumalabas sa bibig niya ang isang matalas na espada na dalawa ang talim. Ang mukha niya ay nakakasilaw tulad ng araw sa katanghaliang tapat.

PAHAYAG 1:16

Sapagkat buhay at mabisa ang salita ng Diyos, at higit na matalas kaysa sa alinmang espadang magkabila ang talim. Tumatagos ito hanggang kaluluwa't espiritu, at hanggang sa kasu-kasuan at kaloob-looban ng buto. Nalalaman nito ang pinakamalalim na naiisip at hinahangad ng tao.

HEBREO 4:12

Sa Pahayag 1:16, si Jesus ay ipinakita kay Juan (sa isang isla sa Patmos) at may espada na magkabilaan ang talim na lumalabas sa Kanyang bibig. Alam natin dahil sa Mga Hebreo 4:12 na itong matalim na espadang ito ay isang simbolo sa Salita ng Diyos. Sa konteksto ng Mga Hebreo 4:12, ang magkabilaang talim ay nagpapakita ng kakayahang tumagos at ng talas ng espada. Nakita ko rin kung paano makatutulong ang ganitong pananaw: ang isang talim ng espada ay para sa aking pagkatao, at ang kabilang talim ay para sa esprituwal kong kalaban. Sa debosyonal na ito, kailangan nating tutukan ang talim ng espada na para sa ating pagkatao, at gamitin ang Kasulatan bilang isang talim na ginagamit ng mga doktor sa kanilang pag-oopera.

Sa Mga Hebreo 4:12-13, ang Salita ng Diyos ay inilarawan na buhay at mabisa, at labis na matalas. Sa sobrang talas, kaya nitong tumagos hanggang sa kailaliman ng ating pagkatao. Ang Salita ng Diyos ay parehong matalim at walang pag-aalinlangan: matalim dahil napaghihiwalay nito ang maliliit na kaibahan sa pagitan ng ating kaluluwa at espiritu, at walang pag-aalinlangan dahil walang kasalanan o pandaraya ang makaliligtas sa matalim nitong kakayahan.

Maraming beses na ginamit ng Banal na Espiritu ang Kasulatan bilang isang matalas na pang-opera sa buhay ko, upang ipakita at ayusin ang mga makasalanan kong gawain. Patuloy ang Salita ng Diyos sa pagtagos sa anumang tumatakip sa mga makasalananang gawain na ito, mula sa pagiging labis na makasarili hanggang sa konting pagmamataas. Ang makapangyarihang Salita ang tumupok sa mga panahon ng panlulumo at pagtuligsa na siya ring magliligtas sa akin sa kawalan ng pag-asa.

Ang naging makatotohanan para sa akin ay maaari ring maging makatotohanan para sa iyo! Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ng mga mamamayan ng Diyos,

ang Kasulatan ay kayang maghayag, magpagaling, at magsa-ayos ng anumang bagay na ating kinakaharap. Ang kailangan mo lang gawin ay patuloy itong gamitin sa buhay mo. Sa pamamagitan ng pagbabasa (1 Timoteo 4:13), paghayag (Mateo 17:20), pakikinig (Mga Taga-Roma 10:17), at pagsasa-isip (Josue 1:8), ang kapangyarihan ng Kasulatan ay magiging malaya sa iyong buhay.

Gayong wala tayong mahabang panahon upang pag-usapan ang lahat ng kaparaanan ng Salita ng Diyos sa ating buhay, magkaroon tayo ng ilang sandali na magsanay sa pagninilay ayon sa Salita ng Diyos. Ang salitang “kumain” sa Juan 6:57 ay isang napakagandang paglalarawan sa pag-iisip tungkol sa Salita ng Diyos. Kinakain natin (nginangatngat, kinakagat, at nginunguya) natin ang kapangyarihan at buhay ng katauhan ni Cristo habang tinatanggap natin ang Kanyang Buhay na Salita.

“Ang Diyos Amang nagsugo sa akin ang pinagmumulan ng buhay, at dahil sa kanya ay nabubuhay ako. Ganoon din naman, ang sinumang kumain sa akin ay mabubuhay dahil sa akin.”

JUAN 6:57

Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay-buhay; hindi ito magagawa ng tao. Ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay mula sa Espiritu at nakakapagbigay-buhay.

JUAN 6:63

ISAPAMUHAY

Ang pagsasanay na napili ko para sa pagninilay tungkol sa Salita ay parehong naaayon sa Salita ng Diyos at sa tamang kaisipan. Ito ay ginawa upang makuha ang pansin ng iyong espiritu at ang kanang bahagi ng iyong utak. Karamihan ng emosyonal mong karanasan tungkol sa Diyos ay ginagabayan ng pagkilos sa kanang bahagi ng iyong utak.

PAGNINILAY SA KASULATAN NA ISINASAALANG-ALANG ANG UTAK

DR. EDWARD B. DAVIS AT JIM LAFFOON

Ang sumusunod na pagsasanay ay may potensyal na magdala ng pagbabago sa paraan ng pakikipag-usap sa iyo ng Banal na Espiritu. Ito ay ginawa upang tulungang huminahon ang sigla ng iyong utak upang magawa mong marinig ng mas malinaw ang anumang sinasabi ng Panginoon sa puso mo. Maglaan ng hindi kukulang sa 20 minuto para dito.

- Humanap ng tahimik na lugar kung saan walang makakaistorbo sa iyo. Patayin ang iyong telepono at lahat ng uri ng *social media*.

- Patahimikin ang iyong isipan; maaaring mahirap itong gawin. Kung wala ka pang maisip na nakasulat sa Kasulatan, huminga ng malalim ng ilang beses at hilingin sa Banal na Espiritu na ituro sa iyo ang bahagi na gusto Niyang sabihin sa iyo. Maaari ka ring pumili ng bahagi sa Kasulatan na tungkol sa isang pangangailangang kinakaharap mo sa kasalukuyan. (Para sa layunin ng pagsasanay na ito, gagamitin natin ang Isaias 61:1-7.)

¹Ang Espiritu ng Panginoong Diyos ay nasa akin. Sapagkat hinirang niya ako na mangaral ng magandang balita sa mga mahihirap. Sinugo niya ako para aliwin ang mga sugatang-puso, at para ibalita sa mga bihag at mga bilanggo na sila'y malaya na . . . ³Sinugo rin niya ako para aliwin ang mga nalulungkot sa Zion, nang sa ganoon, sa halip na maglagay sila ng abo sa kanilang ulo bilang tanda ng pagdadalamhati, maglalagay sila ng langis o ng koronang bulaklak sa kanilang ulo bilang tanda ng kaligayan. Sila'y magiging parang matibay na puno na itinanim ng Panginoon. Kikilalanin silang mga taong matuwid sa ikaluluwalhati ng Panginoon. ⁴Muli nilang itatayo ang kanilang mga bayan na matagal nang nagiba . . . ⁷Sa halip na kahihiyan, dodoble ang matatanggap niyong pagpapala sa inyong lupain at talagang masisiyahan kayo sa matatanggap ninyo. Magiging maligaya kayo magpakailanman.

ISAIAH 61:1-7

- Habang pumipili ka ng berso o mga berso sa bahaging ito, hingin sa Panginoon na ibigay ang Kanyang kapangyarihang nagdudulot ng pagbabago sa bahagi ng buhay mo na nais mong mabago.
- Malakas at dahan-dahang basahin ang Kasulatan ng ilang beses. Basahin ulit ito ng dahan-dahan, at may emosyon, tamang intonasyon, ritmo, at diin.
- Susunod, isulat ang Kasulatan gamit ang kamay na hindi mo karaniwang ginagamit sa pagsusulat at gumamit ng iba't-ibang kulay ng panulat o krayola.
- Pagkatapos, gumuhit ng larawan sa ilalim nito, na nagpapakita kung ano ang sinasabi sa iyo ng Banal na Espiritu.
- Maglaan ng 10 minuto ng pagsusulat sa iyong *journal* habang ipinagdarasal kung ano ang sinasabi sa iyo ng Banal na Espiritu.
- Ibahagi ang karanasang ito sa isang Kristiyanong kapamilya, kaibigan, o pinuno.

PAGPAPALIWANAG NG PAGSASANAY

Karamihan ng ating emosyonal na karanasan tungkol sa Diyos ay ginagabayan ng pagkilos sa kanang bahagi ng ating utak, na konektado sa ating katawan sa pamamagitan ng mga *neurons*. “*Neurons that fire together wire together*” (Hebb 1949). Dahil dito, upang mabago kung paano natin nararanasan ang Diyos sa pisikal at emosyonal na antas, kailangang gawin ang prosesong tinatawag na SNAG o *Stimulate Neural Activity Growth* (Siegel 2007) sa kanang bahagi ng ating

utak at sa ating katawan. Ang pakikibahagi sa Kasulatan sa isang intelektuwal na pamamaraan ay gumagamit lamang ng kaliwang bahagi ng ating utak (na sentro ng mga prosesong lohikal, diretso, at pang-wika). Nagdadala ito ng pagbabago sa ating kaalaman tungkol sa Diyos. Subalit ang pakikibahagi sa Kasulatan sa paraan na pinakita sa pagsasanay ay maaaring makapagdulot ng mas malalim na pagbabago sa ating pisikal at emosyonal na karanasan sa Diyos. Ang pagsasanay na ito ay ginawa upang sadyang magamit ang SNAG sa kanang bahagi ng utak, alisin tayo sa paggamit ng “autopilot,” at ilagay tayo sa posisyon para mas marinig ng ating puso ang pagbabagong dala ng nagbibigay-buhay na Salita mula sa Banal na Espiritu.

MANALANGIN

Oras na para ituong ang panalangin mo sa iyong pastor, lokal na iglesia, at sa mga pangangailangan sa ating mundo.

- Ipanalangin ang iyong pastor at ang kanyang pamilya.
- Ipanalangin ang iyong iglesia.
- Ipanalangin ang isa sa anim na rehiyon ng Every Nation na nakasulat sa pahina 28.

Bukas, habang sama-sama nating pagdaraan ang ikatlong araw ng pag-aayuno, susuriin natin ang kapangyarihan ng pananalangin sa pamamagitan ng Espiritu.

MGA SANGGUNIAN

Hebb, D. O. *The Organization of Behavior; a Neuropsychological Theory*. New York: Wiley, 1949. N. pag. Print.

Siegel, Daniel J. *The Mindful Brain: Reflection and Attunement in the Cultivation of Well-Being*. New York: W.W. Norton, 2007. Print.

Pananalangin sa Tulong ng Espiritu

DAY
3

BASAHIN ANG JUDAS 20-21 • 1 CORINTO 14:2-16

²⁰Ngunit mga minamahal, magpakatatag kayo sa inyong banal na pananampalataya. Lagi kayong manalangin sa tulong ng Banal na Espiritu.

²¹Manatili kayo sa pag-ibig ng Diyos, habang hinihintay ninyo ang buhay na walang hanggan na ibibigay ng ating Panginoong Jesu-Cristo dahil sa awa niya sa atin.

JUDAS 20-21

Sa Judas 20, tayo ay inutusan na manalangin sa tulong ng Espiritu. Ang pananalangin sa tulong ng Espiritu ay nangangahulugan ng pananalangin sa ilalim ng inspirasyon at pamumuno ng Banal na Espiritu. Isa sa mga pangunahing paraan kung paano ito ginagawa ay sa pamamagitan ng pagsasalita sa wikang hindi naman natutunan.

²Ang taong nagsasalita sa ibang wika na hindi niya natutunan ay nakikipag-usap hindi sa tao kundi sa Diyos, dahil wala namang nakakaunawa sa kanya. Nagsasalita siya ng mga hiwaga sa tulong ng Banal na Espiritu . . . ⁴Ang nagsasalita sa ibang wika na hindi niya natutunan ay pinatitibay ang kanyang sarili, ngunit ang nagpapahayag ng mensahe ng Diyos ay nagpapatibay sa iglesya.

1 CORINTO 14:2,4

¹⁴Kung nananalangin ako sa ibang wika na hindi ko natutunan, nananalangin nga ang aking espiritu, ngunit hindi naman naiintindihan ng aking isipan. ¹⁵Kung ganoon, ano ang dapat kong gawin? Mananalangin ako at aawit sa pamamagitan ng aking espiritu kahit hindi ko ito naiintindihan, at mananalangin din ako at aawit sa paraang naiintindihan ng aking isipan. ¹⁶Kung magpapasalamat ka sa Diyos sa pamamagitan ng iyong espiritu lamang, at hindi ito maiintindihan, paanong makakasagot ng “Amen” ang iba kung hindi naman nila naiintindihan ang iyong sinasabi?

1 CORINTO 14:14-16

Ang pagsasalita sa ibang wika na hindi natutunan ay ang kakaibang kakayahan na makapagsalita sa wika ng mga tao o ng mga anghel (tingnan ang 1 Corinto 13:1). Ang handog na ito ay napakahalaga para kay Pablo na nung pinagsasabihan niya ang iglesya sa Corinto tungkol sa pagsasalita sa ibang wika na hindi natutunan sa pampublikong pagsamba, sinabi niya sa kanila, “*Nagpapasalamat ako sa Diyos na nakapagsasalita ako sa iba’t-ibang wika na hindi natutunan nang higit pa sa inyong lahat*” (1 Corinto 14:18). Sa nauna niyang sulat para sa mga taga-Corinto, sinabi ni Pablo sa kanila na, “*Gusto ko sanang kayong lahat ay makapagsalita sa ibang wika na*

hindi natutunan,” (1 Corinto 14:5). Bakit napakahalaga ng pagsasalita sa ibang wika na hindi natutunan?

Kahit na may ilang mga dahilan kung bakit mahalaga ang pasasalita sa ibang wika na hindi natutunan, magbibigay ako ng komentaryo tungkol sa ilan sa mga ito lamang. Una, sa 1 Corinto 14:14, sinabi ni Pablo, “*Kung nananalangin ako sa ibang wika na hindi ko natutunan, nananalangin nga ang aking espiritu, ngunit hindi naman naiintindihan ng aking isipan.*” Sa ikalawang berso ng parehong kabanata, sinabi ni Pablo na kung ang mga tao ay nananalangin sa ibang wika na hindi natutunan, nagsasalita sila ng mga *hiwaga sa tulong ng Banal na Espiritu*. Sa madaling salita, sa tuwing nananalangin tayo sa ibang wika na hindi natutunan, ang Banal na Espiritu ay nananalangin sa pamamagitan ng ating espiritu ng mga panalangin na hindi naiintindihan ng ating mga isipan. Sinasabi sa Judas 20, na kapag nananalangin tayo sa ganitong paraan, nagiging matatag ang ating pananampalataya.

Paano napatatag ng pananalangin sa iba’t-ibang wika na hindi natutunan ang ating pananampalataya? Una, binibigyan natin ng pagsasanay ang ating pananampalataya sa tuwing tayo ay nananalangin sa wika na hindi natin naiintindihan. Ikalawa, (at ang pinakamahalaga sa lahat), ang pananalangin sa ibang wika na hindi natutunan ay nagbibigay sa atin ng kakayahan na makipag-usap sa Diyos, kahit pa wala tayong kaalaman kung paano manalangin at kung ano ang mga sasabihin. Sa Mga Taga-Roma 8:26-27, natuklasan natin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na manalangin sa pamamagitan natin, ano man ang ating mga kinakaharap.

²⁶Tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu sa kahinaan natin. Hindi natin alam kung ano ang dapat nating ipanalangin, kaya ang Espiritu na rin ang namamagitan sa Diyos para sa atin sa pamamagitan ng mga daing na hindi natin kayang sabihin.

²⁷At ang anumang nais sabihin ng Banal na Espiritu ay alam ng Diyos na siyang sumisiyasat sa puso ng mga tao. Sapagkat namamagitan ang Banal na Espiritu para sa mga mananampalataya, kung ano ang ayon sa kalooban ng Diyos.

MGA TAGA-ROMA 8:26-27

Ilang mga dalubhasa ang naniniwala na ang katagang *ang Espiritu na rin ang namamagitan sa Diyos para sa atin sa pamamagitan ng mga daing na hindi natin kayang sabihin* ay kapareho ng uri ng pananalangin na inilarawan sa 1 Corinto 14:2: *Ang taong nagsasalita sa ibang wika na hindi niya natutunan ay . . . nagsasalita ng mga hiwaga sa tulong ng Banal na Espiritu*. At saka, sabi sa berso 14: *Kung nananalangin ako sa ibang wika na hindi ko natutunan, nananalangin nga ang aking espiritu, ngunit hindi naman naiintindihan ng aking isipan.*” Ang salitang Griyego para sa “*hindi natin kayang sabihin*” ay maaaring bigyang-kahulugan bilang *katahimikan* o kaya ay *hindi kayang ipahayag*. Sa opinyon ko, kung ang ikalawang pakahulugan na hindi kayang ipahayag ay tatanggapin, ang pahayag na ito ay maaaring sumisimbolo ng tao na hindi mahanap ang tamang salita upang mailarawan ang kanyang nararamdaman o kinakaharap. Kung ito ay tama, ang pahayag na ito ay maaaring tumukoy sa pagsasalita sa ibang wika na hindi natutunan.

Kahit pa ang mga salitang *daing na hindi kayang sabihin* sa bersong ito ay hindi tumutukoy sa pagsasalita sa ibang wika na hindi natutunan, ang talatang ito ay nagpapaliwanag kung paano napalalakas ng panalangin sa tulong ng Banal na Espiritu ang ating pananampalataya. Bilang Diyos, ganap na naiintindihan ng Banal na Espiritu ang ating mga kagustuhan at ang kagustuhan ng Diyos para sa atin. Ito ang nagbibigay sa Kanya ng kakayahan na ganap na maipahayag ang ating mga pangangailangan, kahit pa hindi natin maintindihan ang ating mga sarili.

Ito ang dahilan kung bakit ang pananalangin sa ibang wika na hindi natutunan ay kayang gumawa ng malalim na koneksyon sa Diyos, kapayapaan, at pananampalataya. Katulad ng nalaman ni Apostol Pablo, ang pananalangin sa ibang wika ay labis na makatutulong. Kung hindi natin mahanap ang tamang mga salita upang masabi ang ating matinding paghihirap at mga pasanin ng ating mga puso't kaluluwa, mahahanap natin ang kaginhawaan sa pamamagitan ng pagsasalita sa ibang wika na hindi natutunan. Sa paglagpas ng Banal na Espiritu sa ating kalituhan at kalungkutan, tayo ay muling napupuno ng kapayapaan, kaligayahan, at pananampalataya.

ISAPAMUHAY

Nagawa mo na bang magsalita sa ibang wika? Alam natin mula sa Mga Gawa 10:45 na ang pagsasalita sa ibang wika ay isang tanda ng bautismo ng Banal na Espiritu. Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay isang paglubog sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na karaniwan ay hiwalay at kasunod ng ating pananampalataya kay Cristo.

Maaaring hindi ka pa nababautismuhan ng Banal na Espiritu. Kahit na karaniwan itong natatanggap sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay at pananalangin ng ibang mananampalataya, may mga pagkakataon na basta na lamang ibinubuhos ng Diyos ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu habang ang mga tao ay nananalangin. Kung hindi mo pa nagawang magsalita sa ibang wika, hingin sa Diyos na bautismuhan ka ng Banal na Espiritu. Kung hindi mo ito matanggap, sabihin sa isa sa mga pinuno ng iglesia na gusto mong mabautismuhan ng Banal na Espiritu.

MANALANGIN

- Itaas ang iyong mga kamay at simulang manalangin sa ibang wika na hindi natutunan sa loob ng dalawang minuto. (Kahit ang dalawang minuto ay tila walang hanggan kung matagal-tagal ka nang hindi nakakapagsalita sa ibang wika na hindi natutunan.)
- Pagtuunan ng pansin ang tatlong bagay habang ikaw ay nananalangin sa ibang wika na hindi natutunan. Una, bigkasin (sa sarili mong wika) ang bahagi ng buhay mo na hindi nakararanas ng pagbabago. Matapos mo itong gawin, ipanalangin ito gamit ang ibang wika na hindi natutunan sa loob ng siyamnapung segundo. Pangalawa, pumili ng isang bahagi o sitwasyon sa buhay mo na nahihirapan kang ipagdasal. Ipanalangin din ito gamit ang ibang wika sa loob ng siyamnapung segundo. Maaaring makatulong sa iyo ang pagpapagana

ng iyong imahinasyon tungkol sa tao o sitwasyon na ito habang ikaw ay nagdarasal. Pangatlo, ipanalangin ang iyong pastor at ang kanyang pamilya sa loob ng siyamnapung segundo gamit ang ibang wika na hindi natutunan.

- Manalangin sa loob ng dalawang minuto para sa iyong lokal na iglesya at sa rehiyon ng Every Nation na pinili mo para sa araw na ito (pahina 28). Matapos manalangin, maglaan ng isang minuto at tahimik na sambahin ang Diyos gamit ang ibang wika na hindi natutunan habang pinasasalamatan mo Siya sa pakikipagkita sa iyo. Subukang itaas muli ang iyong kamay habang hinahayaan mo ang Kanyang kapayapaan at kaligayahan na dumaloy sa iyong kaluluwa.

Bukas, ating sisiyasatin ang isa sa mga pinakamahalagang sandata sa pakikibakang espirituwal, ang espada ng Espiritu.

Ang Espada ng Espiritu

DAY
4

BASAHIN ANG MGA TAGA-EFESO 6:17 • MATEO 4:3-10

Isuot ninyo bilang helmet ang tinanggap ninyong kaligtasan, at gamitin ninyo bilang espada ang Salita ng Diyos na kaloob ng Banal na Espiritu.

MGA TAGA-EFESO 6:17

Sa ikalawang araw ng ating pag-aayuno, natutunan natin kung paano ginagamit ng Banal na Espiritu ang Kasulatan bilang isang talim sa ating mga buhay. Ngayon, gusto kong ilarawan ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos upang humiwa na parang espada at tumagos sa panlilinlang at panunukso ng mga kampon ng diyablo. Sa Mga Taga-Efeso 6:10-18, ibinigay ni Pablo sa atin ang pinakamalawak na pagtalakay sa pakikipaglabang espirituwal.

Sa dalawa niyang naunang pagbisita sa Roma, habang hinihintay ang paglilitis ni Nero, ikinulong siya sa pagitan ng dalawang guwardiyang Praetoriyano sa loob ng dalawang taon. Malamang ay binantayan siya ng daan-daang natatanging sundalo ng Roma sa buong panahon ng kanyang pagkakabilanggo. Habang sumusulat siya para sa iglesya sa Efeesus, nagsimula niyang makita ang kanyang mga guwardiya sa ibang paraan. Dala ng biglaang inspirasyon ng Banal na Espiritu, naintindihan ni Pablo na ang mga taktika, sandata, at kasuotang pandigma ng mga humuli sa kanya ay isang makapangyarihang talinghaga para sa pakikipaglabang espirituwal.

Habang tumitingin sa mga espada (gladius) na bitbit ng isa sa kanyang mga bantay, sinulat ni Pablo ang mga sumusunod: *Isuot ninyo bilang helmet ang tinanggap ninyong kaligtasan, at gamitin ninyo bilang espada ang Salita ng Diyos na kaloob ng Banal na Espiritu.* (Mga Taga-Efeso 6:17). Ang maliit na espadang ito ng mga Romano ay may haba na dalawampu't-limang pulgada hanggang tatlumpu't-isang pulgada. Ito ay ginawa bilang isang sandatang panaksak. Ang "Salita" sa bersong ito ay *rhema*, at hindi *logos*. Ang salitang *rhema* ay nagbibigay diin sa sinasabi o inihahayag ng Salita ng Diyos. Sa madaling salita, nais ibigay sa iyo ng Diyos ang Kasulatan na hinirang ng Espiritu upang tumagos sa patong-patong na pagkilos at panlilinlang ng kaaway. Ginamit ni Jesus ang espada ng Espiritu nang paulit-ulit habang nakikipaglaban kay Satanas sa disyerto.

³Dumating ang Manunukso at sinabi sa kanya, "Kung ikaw nga ang anak ng Diyos, gawin mong tinapay ang mga batong ito." ⁴Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'" ⁵Pagkatapos, dinala naman siya ng diyablo sa Jerusalem, ang banal na lungsod, doon sa pinakamataas na bahagi ng templo. ⁶Sinabi niya kay Jesus, "Kung ikaw nga ang anak ng Diyos, magpatihulog ka. Sapagkat sinasabi sa Kasulatan,

'Utusan ng Diyos ang kanyang mga anghel na ingatan ka, at alalayan upang hindi masaktan ang iyong mga paa sa bato.'" ⁷*Sinagot siya ni Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Huwag mong subukin ang Panginoon mong Diyos.'*" ⁸*Pagkatapos, dinala pa siya ng diyablo sa isang napakataas na bundok, at ipinakita sa kanya ang lahat ng kaharian sa mundo at ang kayamanan at kadakilaan ng mga ito.* ⁹*At sinabi ng diyablo kay Jesus, "Ang lahat ng iyan ay ibibigay ko sa iyo, kung luluhod ka at sasamba sa akin."* ¹⁰*Pero sinagot siya ni Jesus, "Lumayas ka, Satanas! Sapagkat sinasabi sa Kasulatan, 'Sambahin mo ang Panginoon mong Diyos at siya lang ang dapat mong paglingkuran.'*"

MATEO 4:3-10

Bago gawin ang mga praktikal na mga pagsasanay gamit ang espada ng Espiritu, kailangan mo munang matutunan ang ilan sa mga palatandaan ng pakikipaglabang espirituwal. Paano mo malalaman kung ang oposisyon na kinakaharap mo ay hindi na natural, kundi gawa ng diyablo? Ang pag-atake ng diyablo ay makikilala sa tindi, kapal, o kaya'y lawak nito.

Tindi—Kung ang kinakaharap mo ay labis na mas matindi o mas malaki sa karaniwan, maaari itong tanda ng pakikipaglabang espirituwal. Minsan, ang pakikipaglabang espirituwal ay maaaring dumating sa anyo ng isang malakas na alon. Halimbawa, biglaan ka na lang nadala sa alon ng depresyon, at labis-labis ang laki nito kung ikukumpara sa anumang pinagdaraan mo sa kasalukuyan.

Kapal—Ang hindi pangkaraniwang kapal ay maaari ring tanda ng pakikipaglabang espirituwal; maaaring may makapal na ulap na kumakapit sa iyong kaluluwa at gumagawa ng harang sa pagitan mo at ng Diyos, o kaya ay harang sa pagitan mo at ng ibang tao na hindi maunawaan.

Lawak—Ang pakikipaglabang espirituwal din ay labis na nagpapalaki ng ating hinanakit at mga problema at nagpapaliit ng mga pangako at kapangyarihan ng Diyos.

ISAPAMUHAY

Sa tuwing ikaw ay humaharap sa mga palatandaang ito, hingin sa Banal na Espiritu ang kakayahang umintindi. Kung nararamdaman mo na ang kinakaharap mo ay nasa larangang espirituwal, iyon ang tamang oras para hugutin ang espada ng Espiritu. Maaari itong gawin sa ilang paraan.

Una, hilingin sa Banal na Espiritu na ipaalala sa iyo ang Kasulatan na gusto Niyang gamitin mo. Pangalawa, maaari kang maghanap ng Kasulatan na angkop sa problemang kinakaharap mo. Ang YouVersion (youversion.com) at Bible Gateway (biblegateway.com) ay may malawak na talaan na makukuha sa Internet. Ang Bible Gateway ay magandang search engine na nagpapakita ng iba't-ibang bersyon ng Bibliya. Kapag mayroon ka nang nakuhang bahagi o mga bahagi ng Kasulatan, gamitin ang mga ito bilang espada laban sa anumang kinakaharap mo

sa pamamagitan ng buong tapang na pagdeklara ng mga ito. Tandaan, habang lalo mong idinedeklara ang Kasulatan, lalo ring lalakas ang iyong pananampalataya.

- Anong uri ng pakikipaglabang espirituwal ang kinakaharap mo?

- Anong bahagi o mga bahagi ng Kasulatan ang gagamitin mo?

- Magsimulang sumamba at manalangin sa ibang wika na hindi natutunan sa loob ng dalawang minuto.
- Habang lumalago ka sa iyong pananampalataya, simulang ipanalangin ang Kasulatan na ibinigay sa iyo ng Banal na Espiritu. Ipanalangin ito sa loob din ng dalawang minuto.
- Gamitin ang Kasulatan bilang espada laban sa bahagi ng buhay mo na ayaw magbago sa pamamagitan ng pagdedeklara nito sa karagdagang dalawang minuto.
- Kung magpapatuloy ang pakikipaglaban, maaari mong gamitin ang paulit-ulit na paraang ito ng ilang beses (o maaari mong baguhin ang ibang bahagi), hangga't kinakailangan.

MANALANGIN

Kapag nakumpleto mo na ang umuulit na proseso, simulang ituon ang panalangin mo sa iyong pastor, lokal na iglesya, at sa mga pangangailangan sa ating mundo.

- Ipanalangin ang iyong pastor at ang kanyang pamilya.
- Ipanalangin ang iyong iglesya.
- Ipanalangin ang isa sa anim na rehiyon ng Every Nation na nakasulat sa pahina 28.

Bukas, pagtutuunan naman natin ng pansin ang pakikinig sa tinig ng Diyos.

Pakikinig sa Tinig ng Diyos

DAY
5

BASAHIN ANG JUAN 10:4-5 • JUAN 10:27

⁴Kapag nailabas na niya ang mga tupa, nauuna siya sa kanila at sumusunod naman ang mga tupa dahil kilala nila ang boses niya. ⁵Ngunit hindi nila susundin ang iba; sa halip ay agad pa nga nila itong lalayuan, dahil hindi nila kilala ang boses nito.

JUAN 10:4,5

Nakikinig sa akin ang aking mga tupa. Kilala ko sila at sumusunod sila sa akin.

JUAN 10:27

Ang lahat ng debosyonal ngayong araw ay pagsasanay upang matulungan tayong lumago sa kakayahang mapakinggan ang tinig ng Diyos. Bagama't ang nakasulat sa Salita ng Diyos ang pangunahing paraan ng Diyos ng pakikipag-usap sa atin, gusto kong pagtuunan ng pansin ang pakikinig sa Diyos sa pamamagitan ng mga impresyon, pangitain, panaginip, at ng tinig ng Banal na Espiritu.

Pinili kong ilarawan ng proseso ng pakikinig sa tinig ng Diyos sa pamamagitan ng talinghaga gamit ang isang *cellphone*. Di gaya ng mga *cellular companies* sa mundo na pinapangakuan tayo ng hindi mapuputol na signal pero hindi naman natutupad, ang Diyos ay may kakayahan na maghatid sa atin ng signal ng Kanyang tinig mula sa langit kahit saan mang dako ng mundo tayo naroon. Kung ito ang sitwasyon, bakit tayo nagkakaproblema sa pakikinig sa tinig ng Diyos? Sa katumayan, sinabi niya, "*Ang aking mga tupa (mga Kristiyano) ay nakakarinig ng boses ko.*"

Bago ko sagutin ang tanong na ito, kunin mo ang iyong *cellphone* at patayin ito. Mayroon ka mang iPhone, Samsung, o anumang tatak, angkop ito para sa pagsasanay. Narito ang isang mahalagang bagay na dapat tandaan: maliban sa pagsasanay na gaya nito, itunuturing ko ang *cellphones* na isa sa mga matinding nakakagulo laban sa pakikinig sa tinig ng Diyos na kinakaharap ng mga Kristiyano.

Pindutin ang power button—Gaano man kaganda ang telepono mo, hindi ka makakatanggap at makakagawa ng tawag hangga't hindi mo ito binubuksan. Hindi ito naiiba sa ating mga tao. Maliban na lamang kung ang koneksyon natin ay naka "on," ang regular na pakikipag-usap sa Diyos ay imposibleng mangyari. Sa larangang espirituwal, ang ating koneksyon ay nabubuksan sa pamamagitan ng pagtanggap kay Cristo at pagbabautismo sa Banal na Espiritu. Sa pagtanggap kay Cristo, ang ating espiritu ay muling nagiging isa sa Banal na Espiritu at tayo ay nagkakaroon ng bagong pagkatao. Bagama't ibinabalik nito ang ating komunikasyon sa Diyos, ang bautismo ng Banal na Espiritu ang nagpapalakas sa atin upang marinig ng mas malinaw ang tinig ng Diyos.

Gawing *vibrate* ang telepono—Naitanong mo na ba kung ano kaya ang “ringtone” ng Diyos? Natuklasan ko na kung tinatawagan Niya tayo, kadalasan, ito ay sa pamamagitan ng damdamin, mabigat na pasanin, o impresyon. Ang mga ito ang pinaka-simpleng paraan ng pakikipag-usap ng Diyos sa atin. Lahat tayo ay gumamit ng mga katagang, “Naramdaman ko ang presensya ng Diyos,” o kaya ay, “Nandito talaga ang Diyos ngayon.” Ang mga katagang ito ay halimbawa ng ganitong uri nang komunikasyon.

Ang nakalulungkot ay karamihan sa atin ay hindi na umusad mula sa pinakasimpleng anyo sa pagdanas ng presensya ng Diyos. Kuntento na tayo na *naramdaman* ang Kanyang presensya gayong maaari tayong *makipag-usap* sa Kanya. Sa katunayan, kung ginawa ng Diyos ang lahat para puntahan tayo, malamang na mayroon Siyang gustong sabihin sa atin. Ang totoo niyan, malamang na napakarami na Niyang sinasabi sa atin, subalit hindi natin naririnig. Bilang isang espirituwal na katauhan, madalang na makipag-usap ang Diyos sa pamamagitan ng tinig na pisikal nating naririnig. Ang katotohanan na lahat tayo ay maaaring hindi makakilala sa tinig ng Diyos ay inilarawan sa Job 33:

¹⁴*Ang totoo, palaging nagsasalita ang Diyos, kaya lang hindi nakikinig ang mga tao.*

¹⁵*Nagsasalita siya sa pamamagitan ng panaginip o ng pangitain habang ang tao'y natutulog ng mahimbing sa gabi.*

JOB 33:14-15

Tanggalin sa *vibrate* ang iyong telepono—Dahil sa bersong ito, mahalaga na matutunan natin na parehong makita at marinig ang sinasabi sa atin ng Diyos. Ngayon, tanggalin sa *vibrate* mode ang iyong telepono. Minsan, basta na lamang tatawagin ng Diyos ang iyong pangalan kung gusto Niyang makipag-usap sa iyo. Sa ibang pagkakataon, maaari ka Niyang bigyan ng ilang mga utos. Dahil dito, mahalagang makilala ang tinig ng Diyos, kahit sumasagot ka lamang sa Kanyang tawag o kaya ay nakikipag-usap ng malaliman sa Kanya. Kahit na maaaring makipag-usap ang Diyos sa pamamagitan ng boses na pisikal nating maririnig, madalas na Siya ay nakikipag-usap sa tinig sa loob ng ating pag-iisip.

Sa 1 Hari 19:12, ang paraang ito ng pakikipag-usap sa Diyos ay tinaguriang “tinig na parang bulong.” Ang tinig na ito ng Banal na Espiritu ang malamang na tinutukoy ni Apostol Pablo sa Mga Taga-Roma 8:16 nang sabihin niya na, “*Ang Banal na Espiritu at ang ating espiritu ay parehong nagpapatunay na tayo’y mga anak ng Diyos.*” Maliban sa nakasulat na Salita ng Diyos, ito ang pangunahing paraan ng pakikipag-usap ng Diyos sa Kanyang mga anak.

Para matulungan kang maunawaan kung paano gumagana ang komunikasyong ito, hayaan mo akong gamitin ang halimbawa na ginamit ko para maturuan ang aking mga anak kung paano marinig ang Panginoon. Bilang isang magulang, alam ko na kung hindi ko tuturuan ang aking mga anak kung paano makinig sa tinig ng Diyos, darating ang panahon na hindi na sila makikipag-usap sa Kanya. Ang pakikipag-usap sa isang tao o katauhan na hindi sumasagot ay hindi naiiba sa pakikipag-usap sa pader.

Sa pagtuturo ko sa aking mga anak kung paano makinig sa tinig ng Diyos at makakita ng mga pangitain, sinasabihan ko silang bigkasin nang malakas ang kanilang mga pangalan. Pagkatapos ay sinasabihan ko sila na isipin na may tumatawag sa kanilang pangalan. Ipinapaliwanag ko na ang tinig na narinig nila sa kanilang isipan ay katulad ng tinig ng Diyos. Kapag nakita kong naintindihan na nila ang konseptong ito, sinasabihan ko sila na makinig gabi-gabi, bago sila matulog, at tanungin sa Diyos kung ano ang nasa isip Niya.

Habang sila ay nakapag-iisip at payapa na kadalasang kondisyon bago makatulog, itutuon nila ang kanilang pansin sa Panginoon at hihintayin Siya na mangusap. Sa pamamagitan ng prosesong ito, ang lahat ng apat kong anak ay natuto kung paano makinig sa tinig ng kanilang pinakamamahal na Tagapagligtas at Kaibigan. Hindi ito naiiba para sa iyo. Anuman ang iyong edad, kung lalapit ka sa Diyos gaya ng isang nagtitiwalang bata, kayo ay mag-uusap “katulad ng magkaibigan na nagkukuwentuhan” (Exodus 33:11).

Ang isa pang paraan kung paano nakikipag-usap ang Diyos sa atin ay sa pamamagitan ng mga imahe o larawan. Bagama't ang ibang pangitain ay mukhang totoo, ang mga ito ay karaniwang mga imahe at larawang nagpapakita ng imahinasyon lamang ng isang tao. Pero, hindi tulad ng pag-iisip ng mga bagay na hindi totoo, ang mga imahe at larawang ito ay hindi lamang basta inisip ng isang tao. Ang Diyos ang may gawa ng mga ito. Ang mga panaginip naman ay mga pangitaing mula sa Diyos. Ang ilang halimbawa nito ay ang pangitain ni Pablo kung saan pumunta si Ananias upang tulungan siya (Mga Gawa 9:12) at ang pagbibigay babala ng Diyos kay Jose sa panaginip (Mateo 2:13).

Signal problems—Sa *cellular world*, ang lakas ng signal ay maaaring maapektuhan ng layo o lapit sa isang *cell tower*, mga harang katulad ng gusali, puno, signal mula sa ibang *communication towers*, o kaya ay kondisyon ng telepono. Una sa lahat, katulad ng epekto sa signal ng lapit o layo sa isang *cell tower*, ang ating kakayahan na marinig ang Diyos ay may direktang kaugnayan sa lapit o layo natin sa Kanyang katauhan at mga mamamayan (iglesya). Tandaan, ang pakikinig sa Diyos ay hindi lamang isang *kasanayan*; ito ay isang *relasyon*. Dahil dito, habang mas dumarami ang magandang kalidad na oras natin sa piling ng Diyos, mas maayos natin Siyang maririnig.

Ang salitang kalidad dito ay mahalaga. Kung walang disiplina at pagtutok, ang ating oras sa piling ng Diyos ay maaaring masayang. Kapag sinabi kong disiplina, hindi ko lamang tinutukoy ang espirituwal na disiplina. Tinutukoy ko ang disiplina na kailangan upang hindi matangay ng mga panggugulo ng media. Kapag mayroon na tayong disiplina, tayo'y malaya nang maitutuon sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita, at pagsamba at paghihintay sa Kanya.

Ang ating lapit o layo sa mamamayan ng Diyos ay mahalaga rin. Kung wala ang pagdidisipulo, pagtuturo, pagsasama-sama, paghahasa, at pananagutan sa isa't-isa na ibinibigay ng isang mabuting lokal na iglesya, hindi tayo magkakaroon ng pundasyon na kailangan natin upang maitatag ang tunay, at lumalagong relasyon

sa Diyos. At ang signal ng tinig ng Diyos ay labis na lumalakas sa pamamagitan ng sama-samang pagsamba, na nagpapadali ng pakikinig sa Kanyang tinig habang hinihintay natin siya na may musikang tumutugtog at ang iba ay naka-tuon din ang pansin sa Kanya.

Gaya ng paraan kung paano gumaganda ang kalidad ng isang tawag dahil sa kondisyon at kalidad ng telepono, ang kondisyon ng ating kaluluwa ay mahalaga sa proseso ng pakikinig sa Diyos. Ito ang ilan sa mga bagay na nakaapekto sa ating kakayahan na marinig ang Diyos: panlulumo, pagkapagod, sakit, panlalata, kaguluhan ng isip, at pagiging laging abala. Hindi mo maaaring kalimutan na ang iyong espirituwal na buhay ay labis na apektado ng iyong pisikal, emosyonal, at intelektuwal na kondisyon. Maaari rin itong mapinsala kung ikaw ay ginugulo ng iyong konsensya dahil sa isang kasalanan na hindi mo inaamin.

Kung wala namang ganitong kondisyon, ito ay dulot lamang ng ingay sa paligid. Gaya ng epekto ng ibang *electronic signals* sa larangan ng *cellular communication*, ang ating kaaway, ang “*hari ng mga espiritung naghahari sa mundo,*” ay gagawin ang lahat ng kanyang magagawa para sirain ang ating kakayahan na marinig ang tinig ng Diyos.

Namuhay kayong gaya ng mga taong makamundo. Sakop kayo noon ng kapangyarihan ni Satanas, ang hari ng mga espiritung naghahari sa mundo. At siya rin ang espiritung kumikilos sa puso ng mga taong ayaw sumunod sa Diyos.

MGA TAGA-EFESO 2:2

Di gaya ng dungis na dala ng kasalanan, ang pagpigil na dala ng kaaway ay karaniwang dumarating sa anyo ng alon o pader. Bilang alon, ito ay karaniwang malakas na akusasyon, pagkasira, takot, kawalan ng pag-asa, o kahinaan. Bilang isang pader, ito ay tila isang harang na walang makakasira. Tinalakay na natin sa Day 4, “Ang Espada ng Espiritu,” kung ano ang gagawin kapag may nagaganap na paglaban na dala ng kaaway.

ISAPAMUHAY

Oras na para magsalita—Dahil ang ating “power” ay nabuksan na, Hilingin natin sa Kanya na tawagin tayo.

- Patahimikin ang iyong diwa at huminga ng malalim. Sabihin sa Kanya na mahal mo Siya at na gusto mong makipag-usap sa Kanya. Naririnig mo ba ang Kanyang bulong?
- Huwag magmadali. Maglaan ng dalawa hanggang tatlong minuto sa paghihintay. Maaari mo Siyang maramdaman bago mo pa Siya marinig.
- Kung nararamdaman mo na ang Kanyang “tawag,” sabihin, “Ano ang gusto mong sabihin sa akin Panginoon?”

- Isulat kung ano ang iyong naririnig. Kung ikaw ay nahihirapan, maaaring may problema ang iyong signal.
-
-


MANALANGIN

Magsanay ulit tayo.

- Patahimikin ang iyong diwa, at simulang sumamba sa ibang wika na hindi natutunan.
- Matapos ang ilang saglit, hilingin sa Diyos na mangusap sa iyo; mas maging partikular ngayon. Hingin sa Diyos kung paano mo dapat ipanalangin ang iyong pastor at ang kanyang pamilya.
- Marahil ay may nais Siyang sabihin sa iyo tungkol sa bahagi ng buhay mo na nahihirapan kang baguhin.
- Sa pagtatapos mo ng pagsasanay na ito, ipanalangin ang rehiyon sa mundo na napili mo para sa araw na ito (pahina 28).

Ngayon ay narating na natin ang huling araw ng ating pananalangin at pag-aayuno para sa taong 2017. Ang mga espirituwal na kasanayang itinataguyod mo ay may potensiyal na magdala ng kapangyarihan na kayang bumago ng iyong buhay. Maaari kang maghintay ng mga isa o dalawang linggo, at gawin muli ang limang araw na ito (maaring debosyon lamang, hindi kinakailangang pati ang pag-aayuno). Sa huli, ang mga debosyonal (at ang mga pagsasanay na nakapaloob sa mga ito) ay hindi lamang para sa pagpapabuti ng iyong espirituwal na kakayahan. Ang mga ito ay tungkol sa pagtugon sa paanyaya ng iyong Tagapagligtas na kilalanin Siya at ipakilala Siya sa iba. Ipinapanalangin ko na sa lahat ng nagdaang taon, itong taon na ito ang magiging pinakamagandang taon mo kay Cristo!

Ipanalangin ang mga Bansa



REHIYON

Asia & Oceania
Africa

Europe
Latin America

Middle East
North America

MGA DAPAT IPANALANGAN

Ipanalangin na magkaroon ng pagkakataon na maipahayag ang Mabuting Balita sa lahat ng bansa.

Hilingin mo sa akin ang mga bansa sa buong mundo, at ibibigay ko ito sa iyo bilang mana mo.

MGA SALMO 2:8

Ipanalangin ang mga manggagawa na pupunta sa lahat ng bansa at lahat ng *campus*.

"Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani."

MATEO 9:38

Ipanalangin ang mga pastor at mga *campus ministers* na buong tapang na maipahayag ang Mabuting Balita.

¹⁹Ipanalangin din ninyo ako sa tuwing mangangaral ako, na bigyan ako ng Diyos ng wastong pananalita para maipahayag ko nang buong tapang ang Magandang Balita na inilihim noon. ²⁰Sapagkat isinugo ako ng Diyos para mangaral ng Magandang Balitang ito na siyang dahilan ng pagkakabilanggo ko.

MGA TAGA-EFESO 6:19-20

Ipanalangin ang mga iglesya at *campus ministries* na patuloy na lumago ang kanilang impluwensya at bilang.

Kaya patuloy na kumalat ang salita ng Diyos. Marami pang mga taga-Jerusalem ang naging tagasunod ni Jesus, at marami ring pari ang sumampalataya sa kanya.

MGA GAWA 6:7



EVERY NATION

Every Nation is a global family of churches and ministries that exists to honor God by establishing Christ-centered, Spirit-empowered, socially responsible churches and campus ministries in every nation.

everynation.org/fasting #ENfast2017